

Taon XXXII Blg. 4 Abril 2002



Editoryal

Manggagawa, manguna sa pakikibaka para lubusang ihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo!

Sa harap ng lumalalang krisis panlipunan at pagdurusa ng mamamayan bunsod ng walang kapantay na pagpapakatuta at militarismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo, palakas nang palakas ang sigaw ng malawak na sambayanan na patalsikin ang naghaharing reaksyunaryong rehimen. Ito ang angkop na kabayaran sa paglapastangan sa pambansang soberanya, todotodong pagsusubasta ng pambansang patrimonya, pagkait sa makatarungang mga kahilingan ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang aping sektor at napakatinding panunupil laluna sa kanayunan.

Bunsod ng kanilang matinding pagkaapi at pagdurusa, tinitipon ngayon ng mamamayan ang

isang makapangyarihang unos na nakatuon laban sa papet, bulok at mapaniil na rehimeng Macapagal-Arroyo. Ang unos na ito ay binubuo ng malawak na pwersang demokratiko at patriyotiko. Kinakabig nito ang parami nang paraming pwersa at mga indibidwal na nagreresulta sa antas-antas na pagkahiwalay ng naghaharing rehimen.

Upang labanan at ganap na maihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo at biguin ang ambisyon nitong magtagal pa sa poder, kailangang buuin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino. Tungkulin ng uring manggagawa na manguna rito.

Tulad ng malawakan at militanteng pagtindig ng masang manggagawang Pilipino laban sa





- 1 Editoryal: Manggagawa, manguna sa pakikibaka para lubusang ihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo!
- 3 1902-30: Maningning na makauri at antiimperyalistang kasaysayan ng kilusang paggawa sa Pilipinas
- 5 DOLE Order 18-02: Pagtataguyod sa kontraktwalisasyon (6) Ang pang-aapi ng kontraktwalisasyon sa mga manggagawa (6) Kontraktwalisasyon sa SM
- 7 Mga anti-manggagawang desisyon ng Korte Suprema (9) Lumalalang disempleyo
- 9 Panghihimasok ng militar ng US
- $11\,$ Pandarambong ng mga Marcos, ibinabaon na sa limot
- 12 Mga ulat-koresponsal (12) Kumpanya pinarusahan, pulis inambus sa Agusan del Norte (12) HSL: Nagpupugay sa mga tagumpay (13) Mga paglabag sa karapatang-tao, lumalala sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo
- 14 Desperadong pag-atake ng Israel sa Palestine (15) Walang pakundangang terorismo ng Israel sa Palestine (16) Kinukundena ng buong mundo ang panibagong pananalakay ng Israel sa Palestine

kolonyalismong US noong unang bahagi ng siglo 1900, kinakailangang malawakang kumilos ngayon ang mga manggagawang Pilipino upang biguin ang balak ng US na maglunsad ng mas malaking digma sa Pilipinas. Kailangang matamang subaybayan, batikusin, tutulan at pigilan ang bawat mapanghimasok na hakbang ng imperyalismong US kasabwat ng papet na rehimen, at walang-pagod na labanan ang balak nitong palawakin ang armadong agresyon sa bansa.

Kailangang manguna ang uring manggagawa sa paglalantad at paglaban sa sabwatan nina Bush at Macapagal-Arroyo na gawing target ng pinagsamang operasyon ng mga tropang Amerikano at AFP ang rebolusyonaryong kilusan at ang nakikibakang mamamayan. Magkagayon man, dapat manguna ang proletaryong Pilipino sa paglulunsad ng digma ng pambansang pagpapalaya para patalsikin ang mananakop na tropang Amerikano.

Kailangang ubos-kayang labanan ng mga manggagawa ang rehimeng Macapagal-Arroyo dahil sa pang-aapi nito sa masang manggagawa. Ang rehimen ay di mapasusubaliang pangunahing kaaway sa uri at kaaway ng sambayanang Pilipino. Ang todo-todong pagtataguyod nito sa imperyalistang "globalisasyon" ang pangunahing ugat ng laganap na kawalan ng trabaho, mapang-aliping sahod, malahayop na kalagayan sa paggawa, ng kadustadustang pamumuhay ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya at ng sistematikong pag-atake sa mga karapatan at benepisyo na ilang dekadang ipinaglaban ng kilusang paggawa.

Bilang pagtaguyod sa kagalingan ng masang manggagawa, hindi dapat lubayan ang pagsusulong ng makatarungang pakikibaka para sa P125 dagdag sa sahod at laban sa sobra-sobrang pagtataas sa presyo ng langis, kuryente at tubig.

Dapat din nilang puspusang labanan ang mga bagong batas at patakaran na ibayong umaatake sa karapatan sa seguridad sa trabaho at nagpapatibay sa *labor-only contracting* at mga katulad nitong mapagsamantala at mapanupil na kalakaran. Kailangan din nilang ilantad ang tumitinding panunupil at pagsikil sa kanilang mga karapatan at magpatibay ng hanay upang labanan ito.

Kailangang puspusang ilantad at labanan ng masang manggagawa ang malalang korapsyon na

tagus-tagusan sa burukrasyang sibil at militar at sa walang habag na panunupil sa makatarungang paglaban ng mamamayan. Dapat ipadama ng uring manggagawa ang tindi ng kanilang galit sa talamak na burukratikong korapsyon at pagpapakasasa sa luho at pribilehiyo na pinaiiral ng rehimen sa harap ng walang katumbas na paghihirap ng mamamayan.

Dapat ding patuloy na manguna ang uring manggagawa sa paglulunsad ng kolektibong mga pagkilos para mariing kundenahin ang malawak at matinding mga kampanyang mapanupil sa kanayunan at kalunsuran na bumibiktima sa masang magsasaka

at tumatarget maging sa mga pwersa sa hayag at progresibong kilusan.

Ang hanay ng kilusang manggagawa ang bumubuo ng pinakamalawak na bahagi ng kilusang masa sa kalunsuran laban sa rehimeng Macapagal-Arroyo. Ang pagdagsa sa lansangan, kung gayon, ng daandaang libong manggagawa ay nagsisilbing isang napakahalagang salik sa mapagpasyang paghihiwalay sa naghaharing rehimen. Kailangang mahusay na gamitin ng mga manggagawa ang welga at iba pang anyo ng militanteng pagkilos upang isulong ang kanilang interes at ang interes ng buong sambayanan.

1902-30: Maningning na makauri at anti-imperyalistang kasaysayan ng kilusang paggawa sa Pilipinas

Ang kilusang manggagawa sa Pilipinas ay may maningning na kasaysayan ng militanteng makauri at anti-imperyalistang pakikibaka. Nagpunyagi ito sa pakikibaka sa harap ng matinding panunupil at panlilinlang ng mga dayuhan at lokal na reaksyunaryo. Nakapaglunsad ito ng malalawak at makapangyarihang welgang pang-ekonomya at pampulitika at iba pang mobilisasyong masa para sa kapakanan ng mga manggagawa at para sa pambansang pagpapalaya. Gumanap ito ng sentral na papel sa pakikibaka laban sa kolonyalismong US. Sa simula pa lamang ng siglong 1900, ang uring proletaryo sa Pilipinas ang nanguna sa pananawagan at paglulunsad ng malawakang mga pakikibakang masa para wakasan ang paghaharing kolonyal ng US sa bansa.

Noong Pebrero 2, 1902, sa pamumuno ng mga Katipunerong sina Isabelo de los Reyes at Herminigildo Cruz, idinaos ang unang kongreso ng mga manggagawa sa Pilipinas at itinatag nito ang unang pederasyon sa paggawa sa Pilipinas, ang Union Obrera Democratica (UOD). Ginamit na gabay sa pagtatayo nito ang Marxistang islogan ng Unang Internasyunal ng mga Manggagawa: "Ang pagpapalaya sa mga manggagawa ay tungkulin ng mga manggagawa mismo."



Naging pangunahing baseng unyon ng UOD ang Union de Litografos y Impresores de Filipinas (UIF), na itinatag noong Disyembre 30, 1901. Marami sa mga myembro ng UIF na pawang nagtatrabaho sa mga imprenta noon ay gumanap ng mahalagang papel sa kilusang propaganda at iba pang pagkilos laban sa kolonyalismong Espanyol.

Agad na sumuong sa malawakang pag-oorganisa at paglulunsad ng mga pakikibakang manggagawa at antikolonyal ang UOD. Kaagad itong mabilis na lumaki at nakapaglunsad ng serye ng malalaki at malalakas na pag-aaklas.

Noong Agosto 2, 1902 inilunsad nito ang una sa serye ng ilang maagang pangkalahatang welga sa Pilipinas. Karamihan ng mga welga ay inilunsad sa mga kumpanyang US na biglang nagsulputan kasabay ng paglalatag ng kolonyalisasyon ng US sa bansa. Umabot nang mahigit 100,000 ang laki ng martsa at rali ng mga manggagawa sa harap ng Malakanyang noong Mayo 1, 1903, dala-dala ang mga panawagang "Ibagsak ang imperyalismong US!" at "Kamtin ang ganap at kagyat na kasarinlan!"

Lipos ng diwa ng pakikibaka para sa uri at para sa pambansang pagpapalaya at impluwensyado ng Marxismo, nagpunyagi ang mga manggagawa sa harap ng brutal na pananalakay at tusong panlilinlang ng kolonyal na rehimeng US sa kanila at pagsuko ng ilang lider nila.

kasarinlan ng Pilipinas.

Noong Mayo 1-4, 1913, nagtipon sa Sine Oriental sa Azcarraga, Maynila ang mga kinatawan ng 36 na unyong may 40,000 kasapi mula sa Maynila at mga karatig na lalawigan. Itinatag nila ang Congreso Obrero de Filipinas (COF). Masiglang itinaguyod ng COF ang pakikibaka para sa

Noong Marso 31, 1918, nireorganisa ang UIF at nahalal na presidente nito si Crisanto Evangelista. Nagsilbing inspirasyon noon sa kilusang unyon ang pagwawagi ng Rebolusyong Oktubre sa Russia.

Sa pamumuno ni Evangelista, isinagawa sa kauna-unahang pagkakataon, ang kolektibong pakikipagtawaran (collective bargaining) sa mga kapitalista. Nakamit ng mga kasapi ng UIF ang maraming benepisyo kabilang na ang 100-500% karagdagang sahod noong 1918. Nagsilbing inspirasyon ang UIF sa paglulunsad ng pakikibaka ng iba pang unyon. Tumaas ang prestihiyo ni Evangelista. Di nagtagal ay nahalal din siyang pangkalahatang kalihim ng COF.

Noong 1927, mahigit 80,000 na ang kasapian ng COF. Masugid na kumilos ang mga reaksyunaryo upang sirain ang lumalawak na pagkakaisa ng uring manggagawa, idiskaril ang pagkiling nito sa kilusang sosyalista, at iluklok sa pamunuan ng COF ang mga

Sa proseso ng pakikipagugnayan ng mga lider manggagawang Pilipino sa mga organisasyon at kilusang proletaryo sa ibang bansa... nagkaroon ito ng mga signipikanteng pag-unlad sa kaisipan at pulitika at paqtaas sa antas ng kamalayang Marxista-Leninista.

dilawan at konserbatibong lider ng unyon. Nahati ang COF sa pagitan ng linya ng "harmonious relations" o pakikipagsabwatan sa mga kapitalista at linya ng tunggalian ng mga uri.

Sa pagpapatuloy ng gayong mga pakana at tindi ng pagkakahati, naging inutil ang COF. Humiwalay na sina Evangelista at itinatag ang isang bago at mas solido, militante at progresibong sentro ng kilusang paggawa, ang Katipunan ng mga Anakpawis sa Pilipinas (KAP).

Hayagang layon ng KAP na labanan ang pagsasamantala sa masang anakpawis at ibandila ang paglaban ng bayang Pilipino sa kolonyalismong Amerikano. Ganap nitong tinangkilik ang "lahat ng rebolusyonaryo at makauring mga kilusan ng masang manggagawa, pambansa man at pandaigdig, laluna ang mga pakikibaka tungo sa katubusan ng api at naghihirap na masa mula sa pambubusabos,

gayundin ang ukol sa pagpapalaya ng mga bansa laban sa kapitalismo at imperyalismo". Dalawampu't dalawang unyon at asosasyon ng mga manggagawa ang nagtatag sa KAP noong Mayo 12, 1929.

Sa proseso ng pakikipag-ugnayan ng mga lider manggagawang Pilipino sa mga organisasyon at kilusang proletaryo sa ibang bansa, kabilang na ang mga progresibo at pinamumunuan ng mga partido komunista, at pagsanib ng kilusang manggagawa sa Pilipinas sa mga pandaigdigang organisasyon at sa internasyunal na kilusang manggagawa, nagkaroon ito ng mga signipikanteng pag-unlad sa kaisipan at pulitika at pagtaas sa antas ng kamalayang Marxista-Leninista.

Bilang pagpapatuloy ng pagsisikap na mabuo ang solidong instrumento sa pakikibaka ng uring manggagawa, pinagtibay ng KAP ang isang resolusyon para buuin ang isang bagong partido ng mga manggagawa, na siyang mag-oorganisa at tuwirang mamumuno sa pakikibaka ng sambayanan sa larangan ng pulitika, kabuhayan at kultura.

Noong Agosto 26, 1930, sa anibersaryo ng Unang Sigaw sa Pugad Lawin, 60 lider-manggagawa

at magbubukid na kumakatawan sa kanilang mapanlabang mga organisasyon ang nagtipon sa Templo del Trabajo sa Maynila para itatag ang bagong partido, bilang repleksyon ng ibayong pagtaas sa kalidad ng kaisipan, organisasyon at pulitika ng uring manggagawa sa Pilipinas. Pinangalanan nila itong Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ipinasya nilang pormal na ilunsad ang PKP sa publiko sa Nobyembre 7, 1930 bilang pagpupugay sa Rebolusyong Sosyalista sa Russia.

Pagsapit ng ika-7 ng Nobyembre, may 5,000 kataong nagtipon sa Plaza Moriones sa Tondo—ang puso ng distrito ng uring manggagawa sa Maynila—para iproklama ang PKP.

Ang bahaging ito ng maningning na kasaysayan ng kilusang paggawa sa Pilipinas ay nagsilbing pundasyon ng tunay, militante at anti-imperyalistang unyonismo. Ito rin ang pinag-ugatan ng Partido Komunista ng Pilipinas na muling itinatag noong Disyembre 26, 1968.

DOLE Order 18-02:

Pagtataguyod sa kontraktwalisasyon

Inilabas noong Pebrero 18 ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang Department Order (DO) 18-02. Sinusugan nito ang DO 10-97 na sumasaklaw sa usapin ng kontraktwalisasyon ng paggawa.

Mula 1997, ginamit ang DO 10-97 sa pagpapalaganap at pagpapatindi ng sistema ng kontraktwalisasyon at pag-atake sa karapatan ng mga manggagawang Pilipino sa seguridad sa trabaho. Dahil sa malawakang pagkundena rito ng masang manggagawa, sinuspinde ito ng rehimeng Macapagal-Arroyo noong Abril 2001 at ipinalit dito ang DO 18-02. Subalit walang esensyal na kaibhan ang DO 18-02 sa pinalitan nito.

Kasinungalingan ang sinasabi ng kalihim ng DOLE na si Patricia Sto. Tomas, na ang DO 18-02 ay mangangalaga sa interes ng mga manggagawang kontraktwal. Pinagtitibay lamang nito ang sistema ng kontraktwalisasyon na nagdudulot ng napakalawak na pinsala sa mga manggagawa mula pa noong dekada 1990. Bingi ang DOLE at ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa sigaw ng mga manggagawa na wakasan na ang kontraktwalisasyon.

Wala rin itong ginawang pagwawasto sa tahasang anti-manggagawang mga probisyon ng DO 10-97 laluna ang pagbibigay ng malawakang karapatan sa



mga kapitalista na magtanggal ng mga manggagawa batay sa "mga dahilang makatwiran at awtorisado". Katunayan, ang probisyong ito ng DO 10-97 at iba pang probisyong lumalapastangan sa karapatan sa seguridad sa trabaho ng mga manggagawa ay itinaguyod sa mga nagdaang desisyon ng Korte Suprema. (Tingnan ang kaugnay na artikulo sa p. 7)

Katulad ng DO 10-97, idineklara diumano ng DO 18-02 na iligal ang *labor-only contracting* at iba pang anyo ng pang-aabuso ng mga kontraktor o subkontraktor sa mga manggagawa. Ihinanay ng DO 18-02 ang dalawang sobrang pinasimpleng palatandaan ng *labor-only contracting*: 1) ang kawalan ng sapat na puhunan ng kontraktor; at 2) ang kawalan ng kontrol ng kontraktor sa aktwal na proseso ng paggawa. Inilista rin nito ang mga ipinagbabawal na pang-aabuso sa mga kontraktwal na manggagawa.

Subalit ang lahat ng mga ito ay pinawawalangsaysay ng pananatiling pabalat-bunga at walang ngipin ng DO 18-02 para kontrahin ang *labor-only*

contracting at mga katulad na abuso. Walang anumang itinakdang kaparusahan ang DO 18-02 at sa gayon inutil ito sa harap ng maraming pang-abuso sa mga manggagawang kontraktwal. Panlilinlang ang sinasabi nitong ang mga manggagawang kontraktwal ay may karapatan sa ligtas at mahusay na kundisyon sa paggawa, sa mga pamantayan ng paggawa, sa kagalingang panlipunan, sa pag-oorganisa at sa kaseguruhan sa trabaho.

Anuman ang ibukambibig ng DOLE, hindi kailanman mapasasakamay ng mga kontraktwal ang mga "karapatan" nila hangga't sila'y nananatiling kontraktwal. Para saan pa ang paglalahad ng DOLE ng karapatan ng mga kontraktwal, kung ang mismong kontraktwalisasyon ay hindi nito iwinawaksi, bagkus ay itinataguyod pa bilang ligal at nararapat? Para saan ang batas na diumano'y nagtataguyod sa karapatan ng mga manggagawang kontraktwal, kung bigo itong tugunan ang saligang kahilingan para sa kasegurahan sa trabaho?

Marapat lamang, kung gayon, na kundenahin ng mga manggagawa at ng sambayanan itong bagong batas na naglelehitimisa at nagtatakip lamang sa iba't ibang anyo ng *labor-only contracting* at sa laganap at sobra-sobrang pangaabuso ng sistemang kontraktwalisasyon sa mga manggagawa.

Ang pang-aapi ng kontraktwalisasyon sa mga manggagagawa

Ang kontraktwalisasyon ay isa sa mga sistemang pangunahing ginagamit ng mga kapitalista upang higit na pagsamantalahan at apihin ang mga manggagawa. Ang mga kontraktwal na direktang ineempleyo ng kapitalista o sa pamamagitan ng mga kontraktor ay karaniwang binibigyan lamang ng tatlo hanggang limang buwang kontrata.


Sa pagkuha ng mga kontraktwal, naiikutan ng mga kapitalista ang mga batas at pamantayan sa paggawa

Kontraktwalisasyon sa



Ang SM ang pinakamalaking *department store chain* sa Pilipinas. Pag-aari ito ni Henry Sy, isa sa pinakamalaking burges-kumprador sa Pilipinas. Mayroon itong 14 na sangay sa buong bansa. Ito rin ang pinakamalaking kumpanya sa Pilipinas na nag-eempleyo ng pinakamaraming kontraktwal na manggagawa.

- Umaabot sa 90% ng kabuuang 20,000 manggagawa sa SM ang kontraktwal. Sa anim na sangay ng SM sa Metro Manila, 1,447 manggagawa lamang ang regular.
- Bawat buwan, kumukuha ang SM ng aabot sa 10,000 bagong mga manggagawa na magtatrabaho nang tatlo hanggang limang buwan bilang mga kontraktwal.
- Kumita ang SM ng P2.7 bilyon noong 1998. Sa kabilang panig, ang mga *saleslady* na 10-20 taon nang nagtatrabaho roon ay kumikita lamang ng P250 kada araw.
- Ang SM ay tinataguriang isang garison dahil sa pagbabawal sa mga manggagawa na lumahok sa mga aktibidad ng unyon doon, at pagbabawal na magbuo ng mga unyon sa mga bagong sangay nito.



patan ng mga manggagawa sa pag-uunyon

"Pang-aapi", sundan sa pahina 7

Mga anti-manggagawang desisyon ng Korte Suprema

Tahasang anti-manggagawa ang mga nagdaang desisyon ng Korte Suprema kaugnay ng mga kaso sa paggawa. Pagpapatibay ang mga ito sa ligal na batayan ng panunupil sa kilusang paggawa.

Sa mga desisyong ito, binigyang-kaluwagan ang mga kapitalista na magtanggal ng mga manggagawa, magbuwag ng mga unyon at magkait ng karampatang mga benepisyo. Sa ngalan ng "non-interference" (di pakikialam), iginiit ng korte na "walang pakialam" ang estado sa mga purong-pangnegosyong desisyon ng mga kapitalista, anuman ang epekto ng mga ito sa karapatan at kagalingan ng mga manggagawa.

Pagsuspinde sa karapatan sa collective bargaining, ginawang ligal

Ayon sa Korte Suprema, may mga pagkakataong maaaring isuspinde ang karapatan ng unyon sa *collective bargaining*. Binaklas ng deklarasyong ito ang karapatan ng mga unyon sa pana-panahong negosasyon o pagrepaso ng *collective bargaining agreement* (CBA).

Nitong Enero 23, pinaburan ng Korte Suprema ang kapitalista sa kaso ng mga manggagawa laban sa Philippine Airlines. Hiniling ng unyon na ideklarang iligal ang 10-taong moratoryum sa CBA.



Sa desisyong inihanda ni dating *labor* secretary at ngayo'y Justice Leonardo Quisumbing, idineklara ng korte na ligal ang moratoryum sa CBA ng Philippine Airlines (PAL) dahil nakasaad ito umano sa isang "eksklusibong" kasunduan sa

"Korte Suprema", sundan sa pahina 8

"Pang-aapi", mula sa pahina 6

at pagwewelga. Pinag-iibayo ng kontraktwalisasyon ang pangaapi sa mga manggagawa sa pamamagitan ng:

- 1. Pagtanggal sa mga regular at pagpalit dito ng mga kontraktwal, o di kaya'y pagtanggal sa mga regular at muling pagkuha sa kanila bilang mga kontraktwal na lamang.
- 2. Pagkuha sa mga kontraktwal sa kundisyong hindi sila sasapi sa unyon. Laganap din ang pagkuha ng mga kontraktwal para mabawasan o mapalitan ang mga sumasapi sa unyon at mga nagwewelga.
- 3. Paggamit ng mga "kontraktor" na pag-aari ng *dummy* (prente) ng kapitalista o kaya mga kabo o ahensyang mahigpit na kontrolado o kakutsaba ng kapitalistang nag-eempleyo ng mga kontraktwal. Sa gayon, nananatili ang lubos na kontrol ng mga kapitalista sa mga manggagawa habang nasa pinakaminimum ang responsibilidad sa kanila ng kapitalista.
- 4. Pananatiling kontraktwal ng mga manggagawa kahit ilang taon nang nagtatrabaho sa kumpanya. Sa kabila ng ilang taong serbisyo sa isang kumpanya, walang kaseguruhan sa trabaho ang maraming manggagawang

kontraktwal na binibigyan lamang ng panibagong kontrata tuwing tatlo hanggang limang buwan.

- 5. Pagpapapirma sa sulat ng pagbibitiw na wala o adelantado ang petsa upang anumang oras ay pwede itong gamitin para sila'y tanggalin o kaya'y may pirming banta na tatanggalin sila oras na pagpasyahan ng kapitalista.
- 6. Pagpapapirma sa mga blangko o dinuktor na *payroll* para palabasing tumatanggap sila ng sahod na mas malaki kaysa sa aktwal nilang nakukuha. Nariyan ding papirmahin sila sa mga kasunduang nagsusuko ng lahat ng kanilang mga karapatan sa kapitalista.

SLIAS
7(0) 294

Pinakatampok na mga paglabag
sa mga karapatan ng manggagawa
(Enero-Disvembre 2001)

	-	
	Blg ng kaso	Biktima
Pang-aatake Pamimilit Pagbabanta Iligal na pang-aaresto Iligal na panghahalughog Iligal na detensyon	116 52 15 14 3	2,417 2,043 399 102 267 77

datos mula sa Center for Trade Union Human Rights (CTUHR)

pagitan ng kumpanya at ng Philippine Airlines Employees Association (PALEA).

Sa loob ng 10 taon, sa gayon, walang karapatang humiling ng renegosasyon ng CBA ang mga manggagawa sa PAL at wala rin silang karapatang magpalit ng unyon (dahil ang PALEA ang nakipagtawaran sa kumpanya). Ginawang batayan ng Korte Suprema ang mga "problemang pinansyal" ng PAL sa pag-apruba sa moratoryum. Sa kabilang banda, hindi nito kinilala na brinaso at sinuhulan ni Lucio Tan, may-ari ng PAL, ang ilang lider ng PALEA para sang-ayunan ang CBA.

Arbitraryong pagtatanggal ng mga manggagawa, binasbasan

Itinaguyod at pinagtibay ng Korte Suprema ang kalakaran ng mga monopolyong korporasyon na arbitraryong magtanggal ng mga manggagawa sa dalawang magkasunod na desisyon noong nakaraang taon.

Sa kaso ng Dole Philippines, binaligtad ng Korte Suprema ang naunang desisyon ng National Labor Relations Commission (NLRC) na pabalikin sa trabaho ang 3,000 sinisanteng manggagawa dahil, ayon sa NLRC, iligal ang pagtatanggal sa kanila sa ngalan ng "cost cutting" (pagtitipid). Ayon sa desisyon ng Korte Suprema, nasa katwiran ang pagtanggal ng mga manggagawa sa Dole dahil may karapatan ang kumpanyang magsagawa ng mga hakbang-pagtitipid "kahit hindi pa ito nalulugi". Ibig sabihin, kahit kailan at kahit wala nang sabi-sabi. Sapat nang sabihin ng kumpanya na kailangan nitong magtipid.

Sa San Miguel Corporation, pinaburan ng Korte Suprema ang karapatan ng kapitalista na tanggalin ang isang regular na empleyado bunga ng paggamit ng bagong mga makinarya. Nagbulag-bulagan ito sa tunay na nangyayaring kabi-kabilang idinedeklarang

redundant (di na kinakailangan) ang pusisyon ng isang regular na empleyado para lamang mapalitan ito ng kontraktwal. Masahol pa, dinesisyunan ng korte na maaaring ituring ng kumpanya na *redundant* ang isang pusisyon upang tanggalin sa trabaho ang mga manggagawang "undesirable" (di kanaisnais) at "worst performers" (pinakamasasama ang trabaho). Isa itong pagbabasbas sa karaniwang ginagawang pagbabansag ng ganito sa mga militante at palabang lider at myembro ng unyon na gusto nilang patalsikin.

Boykot sa obertaym, work slowdowns at work stoppages, ginawang iligal

Maging ang karapatan ng mga manggagawa na magprotesta at magsagawa ng sama-samang pagkilos para sa kanilang kagalingan ay inatake na rin ng Korte Suprema. Ang boykot sa obertaym, work slowdowns at work stoppages bilang paraan ng sama-samang pagkilos ay itinuring ng korte na iligal na welga. Hinahanapan ng korte ng strike notice at strike vote kahit hindi pa aktwal na welga ang ganitong mga pagkilos. Tinawag ng korte na "strike in installment" (welgang hulugan) at itinuturing na "tahasang pananabotahe" ang mga ito.

Noong Disyembre 19, 2001, binasbasan ng Korte Suprema ang sapilitang pagpa-obertaym sa mga manggagawa ng Interphil Laboratories. Idineklara nitong iligal ang pagboykot ng mga manggagawa sa iniskedyul na obertaym. Hinugot ng Korte Suprema ang katwiran sa desisyon nito mula sa probisyong nakasaad sa CBA ng unyon at kumpanya, na "karapatan ng kumpanya ang pag-iiskedyul ng mga oras sa paggawa at tanging ang kumpanya lamang ang makapagbabago nito". Kasabay nito, pinahintulutan ng Korte Suprema ang pagtanggal sa mga lider-unyon dahil nilabag umano nila ang naturang CBA.

Sa mas nauna pang kaso, idineklara ng Korte Suprema na iligal ang ginawang work slowdown ng mga manggagawa sa San Miguel Corp. (SMC) dahil tahasan itong ipinagbabawal sa kanilang CBA. Ayon pa sa korte, kahit walang nakasaad na probisyon sa CBA o saan mang batas, iligal sa esensya ang work slowdown at gayundin ang work stoppage: Ito'v dahil daw sa nagtatrabaho ang mga manggagawa ayon sa "sarili nilang pagpapasya at hindi ayon sa itinakdang oras at kumpas ng kapitalista". Habang nililitis ang kaso, unti-unti nang pinagtatanggal ng SMC ang mga lider-unyon ng Ilaw at Buklod ng mga Manggagawa. Sa halip na pigilin ito, pinuri pa ng Korte Suprema ang SMC dahil sa "generous" (mapagbigay) na alok nitong "separation package" (kabayaran sa pag-alis) sa mga tinanggal na manggagawa. 🕰

Lumalalang disempleyo

Parami nang parami ang mga manggagawang walang hanapbuhay. Bukod sa milyun-milyong nadaragdag sa pwersa sa paggawa taun-taon na hindi makakita ng trabaho, daan-daan libong mga manggagawa ang nawawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng mga kumpanya bunsod ng krisis sa ekonomya.

Sa unang kwarto ng taon, dalawang milyon ang naidagdag sa pwersa sa paggawa, kabilang na ang 400,000 nagtapos ng kolehiyo ngayong taon. Samantala, wala namang bagong hanapbuhay para sa kanila.

Bukod rito, iniulat ng National Statistics Office na 380,000 ang nawalan ng trabaho mula Oktubre 2001 hanggang Marso 2002. Walang saysay ang ipinagmamalaki ni Macapagal-Arroyo na programa para sa "emergency employment".

Sa desperasyong makakita ng trabaho, 2,700 manggagawa araw-araw ang umaalis upang magtrabaho sa ibang bansa. Noong 2001, umabot sa 866,590 ang umalis na *overseas contract workers* kumpara sa 841,628 noong 2000. Kahit ang mga manggagawang may mataas na antas ng kasanayan at mga propesyunal ay lumalabas ng bansa.



Balikatan 02-2, sinimulan na

Sinimulan na nitong Abril 22 ang Balikatan 02-2 na nilalahukan ng 2,665 tropang Amerikano. Ito na

ang pinakamalaking Balikatan kumpara sa lahat ng mga idinaos sa nagdaan. Kalahok din sa pagsasanay na ito ang 2,900 sundalong Pilipino. Ang mga pagsasanay na tatagal hanggang Mayo 6 ay kasalukuyang inilulunsad sa Clark Air Base sa Pampanga, Crow Valley sa Tarlac, Fort Magsaysay sa Nueva Ecija at sa Marine Jungle Base sa Ternate, Cavite.

Kaugnay nito, nagpahayag ng pangamba ang mga komunidad ng Aeta (katutubong mamamayan sa Gitnang Luzon) hinggil sa pagtatayo ng AFP ng mga detatsment sa kanilang mga lugar at ang tiyak na pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao rito. Itinatayo ng AFP ang naturang mga detatsment bilang paghahanda sa Balikatan. Nagpapatupad rin ng *curfew* sa mga komunidad na inaakusahan ng AFP na kumakanlong sa BHB.

Bago nito, naglikha ng ingay ang rehimen hinggil sa panawagan ng tagapangulo ng Partido Komunista na maglunsad ng digmaan para sa pambansang kalayaan sakaling direkta nang salakayin ng mga tropang Amerikano ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. Ginamit ito ng rehimen upang muling pagbantaan ang rebolusyonaryong kilusan at lahat ng sumusuporta rito.

Dagdag dito, 40 pamilyang Aeta ang pinalalayas sa kanilang mga tahanan sa Sityo Tarukan, Barangay Sta. Juliana, Capas, Tarlac malapit sa Crow Valley Gunnery Range. Pilit silang pinatitira sa mga eskwelahan dahil magpapaputok daw ng mga tunay na bala ang mga kalahok sa Balikatan 02-2.

Ang Crow Valley ay saklaw ng lupaing ansestral ng mga Aeta. Kinamkam ito ng US upang gawing ekstensyon ng dating Clark Air Base sa Pampanga. Sa ngayon, umaabot sa 300 pamilyang Aeta ang nakatira at nagsasaka sa Crow Valley.



Balikatan 02-1, daragdagan ng pwersa at pahahabain

Pormal na inaprubahan ni Macapagal-Arroyo nitong Abril 19 ang pagpasok ng karagdagang 340 tropang Amerikano sa Basilan. Ang pagpasok ng

280 US Navy Seabees at 60 Marines ay una nang iniutos ni US Defense Sec. Donald Rumsfeld. Ayon kay Brig. Gen. Emmanuel Teodisio, *co-director for training* ng Balikatan 02-1, tutulong ang mga sundalong Amerikano sa pagtatayo ng mga imprastruktura. Paghahanda ito para sa matagalang pagbabase ng mga tropang Amerikano sa bansa.

Bago nito, ipinahayag ni Macapagal-Arroyo ang kanyang pagsuporta sa balak na palawigin ang Balikatan 02-1. Pinalalabas ng rehimen na ang ekstensyon ay ayon sa kahilingan ng mga residente ng Basilan na tapusin ang mga sinimulang proyektong imprastruktura ng tropang Amerikano. Sa simula pa lamang, malinaw na walang plano ang US na sumunod sa nakasaad sa Terms of Reference.

Paglabag sa karapatang-tao, laganap sa Basilan

Umaabot na sa 113 residente ng Basilan, kabilang ang limang kababaihan, ang inaresto ng pulisya at militar mula nang simulan ang kampanya ng pagtugis sa bandidong Abu Sayyaf noong Hulyo 2001. Marami sa mga inaresto ay nananatiling nakakulong kahit may karapatan at kakayahan silang maglagak ng pyansa para sa mga kasong isinampa sa kanila. Wala ring itinatakdang petsa ng paglilitis para sa mga detenido.

Noong nakaraang taon naglabas ng memorandum ang Department of Justice na nagpapahintulot sa pang-aaresto kahit walang mandamyento (*warrantless arrest*). Ipinangangatwiran dito ang deklarasyon ni Macapagal-Arroyo na may kawalang pag-iral ng batas sa Basilan (*state of lawlessness*).

Korte Suprema, nagpasya pabor sa Balikatan 02-1

Sa hakbang na pabor sa pagyurak sa kasarinlan ng Pilipinas, nagpasya ang Korte Suprema sa botong 10-3 na "ligal at konstitusyunal" ang Balikatan 02-1. Hindi umano nang-abuso sa kapangyarihan si Gloria Macapagal-Arroyo. Wala rin umano sa katayuan ang Korte Suprema na husgahan kung ang mga pagsasanay ay mga operasyong militar sa aktwal.

Mga Moro sa Cagayan de Oro, kumilos laban sa Balikatan

Mahigit 200 Moro ang nagrali sa Cagayan de Oro City nitong Abril 6 para tutulan ang pananatili ng mga tropang Amerikano sa Basilan at Zamboanga at batikusin ang "digmang walang hangganan" ni George W. Bush. Noong Marso 17, naglunsad rin ng porum ang mahigit 50 Maranao mula sa Cagayan de Oro at Marawi City.

Bago nito, binuo noong Pebrero 23 sa Cagayan de Oro City ang isang multisektoral na koalisyon laban sa Balikatan 02-1, ang Out of Minda Now! Saklaw ng koalisyon ang 104 na taong simbahan, propesyunal, estudyante, kababaihan, abugado at mga kinatawan ng iba pang sektor mula sa Cagayan de Oro at iba pang bahagi ng Misamis Oriental. Binuo rin kasabay nito ang kontra-Balikatang koalisyon ng kabataan, ang Youth in Mindanao.

Mga pagkilos sa US at Canada, inilunsad

Daan-daang myembro ng Filipino Workers' Association (FWA) at iba pang mga manggagawa at aktibista sa San Francisco, California ang naglunsad ng anti-imperyalistang martsa sa Oakland noong Marso 23.

Sa Vancouver, Canada, mahigit 100 Pilipino ang nagtipon noong Marso 18 para sa talakayan hinggil sa panghihimasok ng US sa Pilipinas. Karugtong ito ng March 17 pandaigdigang araw ng pagkilos na ipinanawagan ng Migrante International upang wakasan na ang presensyang militar ng US sa Pilipinas.

Pandarambong ng mga Marcos, ibinabaon na sa limot

Napawalang-saysay na ang halos lahat ng mga kasong isinampa laban sa pamilyang Marcos at mga kroni nila. Nanganganib na mabawi rin nila ang kanilang nakaw na yaman. Dahil ito sa pagkukutsabahan sa pagitan ng mga Marcos at ng gubyerno, sadyang kapabayaan at katiwalian sa panig ng mga nasa gubyerno at mga tagausig at mga maniobra ng kampo ng mga Marcos.

Nagbabagal-bagalan ang Presidential Commission on Good Government (PCGG), ang komisyong binuo noong 1986 upang pangasiwaan ang pagbawi sa mga nakaw na yaman ng mga Marcos. Karamihan naman ng mga kaso laban kay Imelda Marcos at mga kroni ng kanyang asawa ay ibinasura na ng Ombudsman.

Dahil umano sa kakulangan sa mga ebidensyang magpapatunay na nakuha sa kriminal na pamamaraan ang mga yaman, binawi na ni Dieter Jann, district attorney at investigating magistrate sa Zurich, Switzerland, ang pag-ipit sa mga nakaw na yaman na idineposito ng tatlong kroni ni Marcos sa mga bangkong Swiss. Bagamat ang pagbawi ng restriksyon sa paggalaw sa mga deposito ay wala pang basbas ng Swiss Federal Council na siyang nagpataw ng pag-ipit sa mga deposito sa bangko, dalawang ulit na itong ipinatupad ni Jann—noong Enero 6 at Marso 12. Saklaw nito ang di bababa sa \$17 milyong deposito ng dating Energy minister ni Ferdinand Marcos na si Geronimo Velasco, ang pamangkin niyang si Alfredo de Borja at ang kanyang sekretaryang si Carmencita Clavecilla. Nawawala sa upisina ng PCGG ang mga dokumentong ebidensya laban kay Velasco.



Dahil sa kabi-kabilang batikos, dali-daling naghabol ang PCGG ng mga petisyon upang ibalik ang mga restriksyon sa mga deposito ng tatlong kroni ni Marcos.

Umaabot na sa 92 kaso ang ibinasura ng Ombudsman mula sa 111 kasong kriminal na isinampa ng PCGG laban kay Imelda Marcos, kabilang ang mga ibinasura ni Ombudsman Aniano Desierto sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. Batay ito sa pinagsamang listahan ng Overall Deputy Ombudsman at ng Head Executive Assistant of the Ombudsman.

Nitong huli, si Imelda Marcos at tatlo pang upisyal ng nabuwag nang Ministry of Human Settlements (MHS) ay pinawalangsala ng Sandiganbayan sa dalawang kaso ng pangungurakot ng P97.95 milyon mula sa P100 milyong pondo ng MHS na nakalaan sa Kilusan Para sa Sariling Sikap. Kabilang sa mga napawalang-sala sa kasong isinampa noon pang 1987 ay sina MHS Dep. Minister Jose Conrado Benitez, assistant manager for finance Gilbert Dulay at assistant manager for regional operations Roberto Zagala. Ni hindi man lamang tumutol ang Ombudsman sa petisyon ng mga Marcos na ibasura ang kaso dahil kulang umano ang ebidensya upang mahatulan ang nasasakdal.

Nadismis din ang kaso ng mag-asawang Bakunawa sa Masbate, mga dating tauhan ni Imelda, kaugnay ng 100 ektaryang lupain na ibinigay noon ni Imelda sa kanila na inaangkin naman ng mga magsasaka roon.



Kumpanya pinarusahan, pulis inambus sa Agusan del Norte

Sinunog ng BHB ang mga heavy equipment na pagmamay-ari ng Concepcion Basic Builders, Inc. (CBBI) sa Barangay De Oro at Tagabaca, Butuan City, Agusan del Norte noong Marso 20. Parusa ito sa may-ari bunga ng mga kasalanan niya sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan. Kabilang sa mga sinunog na kagamitan ang isang payloader at isang buldoser sa De Oro, at tatlong backhoe, isang grader at dalawang pison sa Tagabaca. Ang CBBI ay pagmamay-ari ni Engr. Arturo Ong-o, kontratista sa paggawa ng mga kanal pang-irigasyon sa Butuan City para sa Cotabato-Agusan River Basin Development Project.

Ayon sa mga ulat koresponsal mula sa Hilaga-Silangang Mindanao, ikinatuwa ng masa ang pagpaparusa kay Ong-o dahil sapilitan niyang ipinatutupad ang paghuhukay ng kanal nang walang kaukulang kabayaran sa mga pinsalang idinulot nito sa mga sakahan ng mga magsasaka. Pilit din niyang pinalilikas ang mga magsasaka sa mga lupaing saklaw ng proyekto. Pinarusahan din ang kumpanya dahil sa hindi nito pagtalima sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan ukol sa pagbubuwis. Malaki ang naging papel ng masa sa pagbibigay ng mahahalagang impormasyon na nakatulong sa matagumpay na pagsasagawa ng aksyong pamarusa at ligtas na pag-atras ng BHB.

Kinabukasan ng pangyayari, dumating ang isang tim mula sa PNP Regional Mobile Group para tugisin ang BHB. Tatlong pulis ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang dyip na sinasakyan nila habang binabagtas nito ang haywey sa may Barangay De Oro.



Rebolusyonaryong kilusan sa Hilagang-Silangang Luzon

Nagpupugay sa mga tagumpay

Nagtala ng pagsulong sa lahat ng larangan ng gawain ang rebolusyonaryong kilusan sa Hilagang-Silangang Luzon nitong nakaraang taon. Buong galak itong ipinahayag ng Fortunato Camus Command, ang panrehiyong kumand sa operasyon, sa okasyon ng ika-33 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Isang bagong larangang gerilya ang naitayo sa rehiyon. Lumaki nang ilampung libo ang baseng masa, habang ilang libo naman ang inilaki ng kasapian ng mga organisado at aktibistang masa. Tulad ng paglaki ng hukbong bayan, nadagdagan din ng ilampu ang baryong saklaw at nakikilusan nito, habang 100% ang nadagdag na bagong kasapi ng Partido sa buong rehiyon, kalakhan sa mga sonang gerilya.

Signipikanteng bilang ng masa ang nakinabang sa mga sosyo-ekonomikong proyektong inilunsad ng Partido at BHB. Dahil sa mahigpit na paghawak sa linyang antipyudal bilang susing kawing sa lahat ng gawain sa mga larangang gerilya, nakapaglunsad rito ng kampanyang masang antipyudal na ibayong nagpasigla sa rebolusyonaryong kilusang masa. Masikhay ding inilunsad ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ang mga proyekto sa pagpapaunlad ng produksyon, pangangalaga ng kalusugan, pagtitiyak ng kaayusan at katahimikan, at

"HSL", sundan sa pahina 13



Mga paglabag sa karapatang-tao, lumalala sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo

Habang desperadong dinudungisan ang integridad ng rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng buktot na propaganda, di mapagtakpan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang sarili nitong kalupitan. Patuloy na tumitindi ang pasismo ng berdugong reaksyunaryong hukbo sa paparaming mamamayan sa iba't ibang dako ng bansa.

Nitong buwan lamang, nakatanggap ang *Ang Bayan* ng mga ulat mula sa Cagayan Valley at Timog Katagalugan hinggil sa mga pang-aabuso, pandarahas at paghahasik ng lagim ng mga tropa ng AFP.

PAGPATAY SA ILAN PANG MYEMBRO NG BAYAN

MUNA. Nitong umaga ng Abril 8, pinatay ng mga tropa ng 16th IB sa pamumuno ng isang Lieutenant Dimapinto ang *municipal*

coordinator ng Bayan Muna at konsehal ng barangay na si Expedito "Ispid" Albarillo, 48. Pinatay siya sa Sityo Ibuye, Barangay Calsapa, San Teodoro, Oriental Mindoro. Bago ito, pinaratangan si Albarillo na myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Si Albarillo ay kinaladkad mula sa kanyang bahay, binaril at binasag ang bungo. Dinukot ng mga sundalo ang isa niyang mata. Pinatay din ng mga pasista ang asawa niyang si Manuela Albarillo, 45, na myembro ng Bayan Muna at lider ng Samahan ng Kababaihan sa San Teodoro.

Sa Isabela, dinukot at pinatay si Warlito Nagasao, 46, *provincial coordinator* ng Bayan Muna ng mga pinaghihinalaang tropa ng 45th IB. Kaaalis lamang niya sa kanyang bahay sa Barangay Villa Campo Laud, Echague noong madaling araw ng Marso 20. Natagpuan siyang patay sa Sityo Payong, bayan ng Alfonso Lista, Ifugao pagkaraan ng ilang oras.

Napag-alaman lamang ng kanyang pamilya ang kanyang pagkamatay nang dalhin sa kanila ang bangkay noong Marso 26.

PANG-AAGAW NG LUPA AT PANGHAHARAS SA MGA MAGSASAKA. Sa Santiago, Quirino sa Isabela, ginagamit nina Eduardo "Danding" Cojuangco at Benjamin Dy Jr. ang 45th IB sa pang-aagaw ng lupa mula sa mga magsasaka para sa proyekto nilang pagtatanim ng kamoteng kahoy sa rehiyon. Mula

"Mga paglabag", sundan sa pahina 14

"HSL", mula sa pahina 12

pagsasaayos ng mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan.

Tumampok sa buong bansa ang pagparusa ng BHB sa dating gubernador at kongresman ng Cagayan na si Col. Rodolfo Aguinaldo. Ipinagdiwang ito ng mamamayan ng Cagayan at Isabela. Bukod pa rito, mahigit 10 masamang elemento ang pinarusahan ng BHB. Mga sagadsagarang kontra-rebolusyonaryo ang mga ito at may utang na dugo sa mamamayan. Ang ilang

opensibang militar ng AFP ay nabigo at naibaling ng BHB sa kapinsalaan ng kaaway.

Sa larangan ng ideolohiya, puspusang binabaka ng rebolus-yonaryong kilusan sa buong Hilagang-Silangang Luzon ang tunguhing konserbatismo. Unti-unti nang nakahuhulagpos dito ang mga rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon dahil sa katumpakan ng linyang itinakda ng Komite ng Partido sa rehiyon matapos ang kumperensya ng paglalagom dito noong kalagitnaan ng 1998.

Simple mang mga tagumpay

ito kumpara sa inabot na pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa kabuuan, makabuluhan ang mga ito sa rehiyon. Tanda ito na lahatang-panig na papasulong ang mga gawain sa rehiyon at nagpapatibay sa determinasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa na isulong ang digmang bayan sa bago at mas mataas na antas.

Ang mga ito ay nagsisilbing inspirasyon para sa ibayong pagsulong upang tugunan ang marubdob na hangarin ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa na ipagtagumpay ang rebolusyon.

Desperadong pag-atake ng Israel sa Palestine

Israel sa Palestine. Gamit ang modernong mga tangke, helikopter at iba pang kagamitang pandigma, sinalakay ng mahigit 10,000 pwersa ng Israeli Defense Forces (IDF) ang mamamayang Palestino na may mga simpleng armas lamang at inokupa ang halos buong West Bank ng Palestine.

Layunin ng gubyerno ni Prime Min. Ariel Sharon ng Israel na lubos na wasakin ang Palestine upang mapilitan itong tanggapin ang anumang ipapataw na resolusyon ng Israel kaugnay ng pag-iral ng estadong Palestine.

Bago ang pananalakay na ito, sinuportahan ng US ang gubyernong Sharon sa pagtatapos ng negosasyong Palestine-Israel at pagturing na "terorista" ang mga militanteng Palestino. Pailalim nitong sinuportahan ang "karapatan" ng Israel na salakayin ang Palestine sa ngalan ng "digmang kontra-terorismo". Gayunman, matapos kundenahin sa buong mundo ang pananalakay ng Israel, naobligang umatras sa pusisyong ito ang US at manawagang itigil ng Israel ang kasalukuyang pananalakay nito sa Palestine.

Subalit ayon kay US President Bush, "nauunawaan" niya ang dahilan ng pagkubkob ng



Israel kay Arafat at ang "kabagalan" ng pag-atras ng Israel na umaantala sa muling pagbwelo ng negosasyon.

Sa harap ng presyur ng US at Israel, matatag na iginiit ni Arafat ang kagyat na pag-atras ng Israel sa Palestine. Ayon kay Arafat, kinakailangang lumahok ang *third party* (pangatlong grupo) sa anumang negosasyon upang lutasin ang kasalukuyang usapin sa Palestine.

Ang panibagong pananalakay ng Israel ay lalong nagdidiin sa pagiging makatarungan ng pakikibaka ng mga Palestino, nagpapatibay ng kanilang pagkakaisa at nagpapalakas ng determinasyon nilang lumaban. Inudyok din nito ang ibayong pagkakaisa ng mga bansang Arabo laban sa Israel at ang walang kasinlawak na pandaigdigang suporta at simpatya sa paglaban ng mga Palestino at ang pagkundena ng daigdig sa Israel. Naglikha rin ito ng malaking lamat sa sinisikap buuin ng US na pandaigdigang koalisyon para sa "digmang kontra-terorismo" nito.

"Mga paglabag", mula sa pahina 13

Enero hanggang Pebrero, binantaan at tinakot ng 45th IB at mga ahente ng Military Intelligence Group ang mga lider at kasapi ng Santiago Farmers Association at iba pang tumututol sa proyekto. Dagdag dito, iligal na nanghalughog ng bahay ang mga tropa sa San Juan, Quezon, Isabela at nagbase sa kabahayan sa Sityo Namnama, Barangay Santos ng naturang bayan sa kabila ng pagtutol ng mga tagaroon.

PAGLABAG SA MGA ALITUNTUNIN NG DIGMA AT INTERNASYUNAL NA MAKATAONG BATAS. Sinalbeyds noong Pebrero 12 ng mga tropa ng 45th IB ang dalawang nadakip na Pulang mandirigma na sina Frankie "Ka Arnold" Gelacio at Salvador "Ka Marvin"

Arbezo. Ang dalawa ay kabilang sa lima-kataong tim ng BHB na nakubkob noong araw na iyon sa Dolores, Quirino, Isabela.

Samantala, nilapastangan ang mga bangkay ng tatlong kasamahan nina Ka Arnold at Ka Marvin na namatay sa labanan. Binastos at ninakawan ng mga tropa ang bangkay ni Janet "Ka Angel" Taguba. Binalian ng balikat ang bangkay ni Danilo "Ka Jonard" Galan at tinadtad ng bala ang mukha ni Rafael "Ka Mar" de Leon.

Pinaulanan din ng bala ng mga sundalo ang mga bahay nina Dominador Corpuz at Marcelo Villanueva na pinahihingahan ng mga Pulang mandirigma. Dulot nito, nawasak ang mga ari-arian sa bahay.

Walang pakundangang terorismo ng Israel sa Palestine

Mula March 29, inilunsad ng Israel ang "Operation Defensive Shield", isa sa pinakamalaki at pinakamatinding pananalakay sa Palestine upang sawatain ang panibagong *intifada* o armadong pagaalsa ng mga Palestino laban sa pananakop ng Israel. Muling naglunsad ang mamamayang Palestino ng *intifada* matapos bumagsak ang negosasyong Israel-Palestine noong Setyembre 2000. Mula noon, mahigit 1,500 Palestino at 400 Israeli na ang namatay.

Buong kabangisang kinopya at sinakyan ng Israel ang "digmang kontra-terorismo" ng US sa paglulunsad ng panibagong pananalakay sa Palestine. Ikinakatwiran ng gubyernong Sharon ng Israel na ang panlulusob at pangwawasak nila sa Palestine ay paglaban sa "terorismo".

Sa katunayan, ang Israel ang siyang naghahasik ng walang pakundangang terorismo sa Palestine. Walang habas ang pagpatay, pag-aresto, pagpapahirap sa mamamayan at pamiminsala ng mga pwersang Israeli sa Palestine.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa matitingkad na kaso ng karahasan ng mga sundalong Israeli laban sa mamamayang Palestino:

PANANALAKAY SA MGA REFUGEE CAMP: Nilusob, pinagpuputukan at pinagbobomba ng Israeli Defense Forces (IDF) pati ang mga refugee camp sa West Bank. Sa mga refugee camp ng Nablus at Jenin pa lamang, mahigit 200 Palestino na ang pinatay, 1,500 ang nasugatan at 4,000 ang inaresto at ikinulong ng mga Israeli.

PAGSOSONA SA WEST BANK AT IBA PANG TERITORYO NG PALESTINE: Mahigpit na kinokontrol at pinipigil ng IDF ang galaw ng lahat ng mga Palestino sa West Bank at iba pang teritoryo ng Palestine na okupado ng Israel. Malaganap ang pagtortyur at sapilitang pagkakaladkad sa mga sibilyan sa mga operasyong paghahalughog ng mga gusali at bahay at pang-aaresto sa iba pa. Ipinagbabawal kahit ang pagpunta ng mga sugatan at maysakit sa ospital o pagpunta ng mga doktor sa kanila. Ngayon na lamang bahagyang pinalalapit ang Red Cross, Red Crescent at iba pang



pandaigdigang organisasyong makatao. Pinipigilan pa ang paglapit ng mga mamamahayag sa mga dinurog na *refugee camp*.

MALAWAKANG PANGWAWASAK NG MGA PASILIDAD, IMPRASTRUKTURA AT KAPASIDAD SA PRODUKSYON NG

PALESTINE: Pinagwawawasak ng mga pwersang Israeli ang lahat ng madaanan nila—mga suplay ng tubig, planta ng kuryente, sistema ng komunikasyon, gusali, bahay, ospital at iba pang mga imprastruktura. Bunga nito, nagdurusa ngayon ang mamamayang Palestino sa kawalan ng mga esensyal na pangangailangan. Sinalanta ng mga Israeli ang 75% ng kapasidad para sa kabuhayan ng Palestine.

PAGKUBKOB SA HIMPILAN NG PALESTINIAN AUTHORITY:

Kinubkob at winasak ng mga lumulusob na pwersa at pinutulan ng esensyal na mga serbisyo ang himpilan ng gubyerno ng Palestine sa Ramallah. Kinubkob doon si Yasser Arafat, lider ng Palestinian Authority, sa layuning pilayin ang kanyang pamumuno at alisan siya ng anumang papel sa paglulutas ng krisis sa Palestine.

PAG-ATAKE SA BETHLEHEM: Ang isa sa mga simbahang itinuturing na pinakabanal ng mga Kristyano sa daigdig—ang Church of the Nativity sa Bethlehem—ay kinukubkob at pinapuputukan din ng IDF sa kabila ng mga pandaigdigang tuntunin sa digma na nagbabawal sa paglapastangan sa mga simbahan. Sinukol doon ng mga Israeli ang 200 pwersang panseguridad ng Palestine, kasama ang 50 mga pari, monghe at madre, mga lokal na upisyal at mga sibilyan. Pinapipili ng Israel ang mga mandirigmang Palestino na sumuko at

magpadistiyero o kaya makulong at malitis sa Israel. Ang pinili nila'y patuloy na lumaban.

Bingi ang Israel sa pandaigdigang pagkundena sa pananakop at pasistang paghahari nito sa Palestine. Umatras nga ito hanggang sa gilid ng ilang dinurog nilang bayan sa West Bank, pero kasabay nito ay inatake naman nila ang iba pa at sinalakay ang Gaza Strip, isa pang tipak ng Palestine.

Kinukundena ng buong mundo ang panibagong pananalakay ng Israel sa Palestine

Bumubuhos ang malakas na suporta sa pakikibaka ng mga Palestino mula sa iba't ibang bahagi ng daigdig at ang mariing pagkundena sa pananalakay at pagmamalupit ng Israel sa Palestine.

Malawakan ang mga demonstrasyon at iba pang pagkilos ng mamamayang tumutuligsa kapwa sa Israel at US. Laganap, tuluy-tuloy at malakihan ang mga rali sa loob at labas ng Palestine, maging sa loob ng Israel. Aabot sa 80,000 ang naglunsad ng mga aksyong protesta sa Egypt at mahigit 100,000 sa Rabat, Morocco.

Aabot naman sa 100,000 ang nagrali nitong Abril 21 sa Washington DC, USA para sa paglaya ng Palestine. Sa Europe, mahigit 18,000 ang nagrali sa Paris, bukod pa sa mga libu-libong mamamayang naglunsad ng demonstrasyon sa iba't iba pang syudad sa France. Nagrali ang 20,000 sa Rome, Italy, bukod pa sa libu-libong mamamayang nagrali sa iba pang bansa sa Middle East, Europe at Asia, Australia at Canada.

Sa mismong Jenin, Ramallah at iba pang bahagi ng Palestine, militanteng tumindig ang libu-libong Palestino at Israeli at mga tagapagtaguyod ng kapayapaan mula sa iba't ibang bahagi ng mundo upang pisikal na harangin ang pag-abante ng mga tangke at tropang Israeli. Halos araw-araw na nagrarali ang mga Palestino upang igiit ang pagpapaalis ng mga mapanalakay na tropa ng Israel.

Nakamit ngayon ang higit na mataas na antas ng pagkakaisa sa hanay ng mga bansang Arabo sa pagsuporta sa Palestine at mariing pagkundena sa Israel. Nagkaisa sila sa ginanap na Arab Summit noong Marso 28 na itaguyod ang pagbabalik ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Palestine at Israel, pagtatayo ng independyenteng estado sa Palestine at ang pagbabalik ng 3.6 milyong *refugee* na Palestino na nakakalat sa iba't ibang bansa. Kaugnay

nito, pinangunahan ng Jordan ang pagpapadala ng pagkain, gamot at iba pang suporta sa mga Palestino.

Naglaan naman ang Iraq ng malaking suportang pinansyal sa mga pamilya ng mga Palestinian na namatay sa pakiki-



baka sa Israel o sa kamay ng mga Israeli. Kasabay nito, binawasan na ng Iraq nang 50% ang produksyon nito ng langis at hinamon ang iba pang myembro ng Organization of Petroleum Exporting Countries na magkaisa sa ganitong hakbangin upang ipresyur ang US na kumilos laban sa Israel. Ang US at mga bansa sa Kanluran ay umaasa nang malaki sa suplay ng langis mula sa Middle East.

Sunud-sunod ang mga resolusyong inilalabas ng mga pandaigdigang porum laban sa pananalakay ng Israel. Kaagad na mariing kinundena ng European Union (EU) ang pananakop ng Israel at nagbanta ng pang-ekonomyang embargo sa Israel.

Naghapag ng iba't ibang petisyon sa UN at iba pang pandaigdigang organisasyon ang mga progresibo at demokratikong pwersa upang hingin ang kagyat na pag-atras ng mga pwersang Israeli sa Palestine, ang pagpapadala ng *international peace-keeping force* at mga makatao, materyal na tulong sa Palestine at ang paglulunsad ng isang *fact-finding mission*.

Sa botong 20-0 noong Abril 10, nanawagan ang UN Security Council na itigil agad ang mga operasyong militar ng Israel sa West Bank at ipatupad ang dating mga resolusyon ng UN na kumikilala sa pagtatayo ng independyenteng estado sa Palestine.

Balita

Pusakal na alkalde sa Isabela, pinarusahan

Pinarusahan nitong Abril 22 ng isang tim ng mga Pulang mandirigma ang pusakal na



meyor ng Jones, Isabela na si Jesus Sebastian Sr. Papasok siya sa kanyang upisina sa munisipyo ng Jones nang siya'y parusahan. Walang nagawa ang kanyang mga pulis na badigard dahil agad silang pinaputukan at nadisarmahan ng BHB.

Ayon sa pahayag ni Ka Delio Baladon, tagapagsalita ng Benito Tesorio Front (BTF) ng BHB-Isabela, si Sebastian ay ginawaran ng parusa dahil sa kanyang masugid na pagtataguyod sa mga operasyong militar ng AFP (partikular ng 5th ID), paglabag sa mga karapatang-tao, korapsyon at pang-aagaw sa lupa ng mga magsasaka. Kabilang sa kanyang mga kaso ang pang-aagaw ng lupang taniman ng kape para sa Nestle, pagpayag sa *field testing* ng Bt corn sa Barangay Diarao, Jones, rekrutment ng CAFGU at pangungurakot sa kabang-bayan. Protektor din siya ng notoryus na Liberty Logging Corporation na pinarusahan na ng NPA noong Setyembre 2000 dahil sa mapanirang pagtotroso sa Jones.


15 patay sa mga ambus sa Davao at Samar

Labintatlong sundalo at dalawang pulis ang napatay at apat pa ang nasugatan sa apat na magkakahiwalay na ambus na inilunsad ng BHB sa Davao at Samar.

Di kukulangin sa 10 sundalo ang napatay nang tambangan ng mga gerilya ng BHB ang sumasalakay na mga tropa ng 60th IB sa magubat at bulubunduking bahagi ng Boston, Davao Oriental nitong Abril 4.

Dalawang pulis naman ang napatay at isa pa ang sugatan nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma noong ikalawang linggo ng Abril sa Kiblawan, Davao del Sur.

Samantala, sa Western Samar, dalawang sundalo ang napatay at isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ang isang pito-



kataong tim ng 52nd IB sa Barangay Madalunot, Pinabacdao nitong Abril 2.

Bago ito, isang sundalo ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang ambusin ng BHB ang isang platun ng 72nd IB sa Talaingod, Davao del Norte nitong Abril 1.

Mga aksyong pamamarusa, isinagawa

Pinarusahan ng mga Pulang mandirigma sa Cebu ang Rough Rider Bus Company noong Marso 31 dahil sa pagmamatigas nito sa pagbabayad ng rebolusyonaryong buwis. Ang pamamarusa ay isinagawa sa pamamagitan ng magkahiwalay na pagsunog sa dalawang pampasaherong bus ng Rough Rider sa Sityo Kampatok, Barangay Dalid, Tuburan at sa Barangay Kinawahan, San Remigio. Pinarusahan din ang Rough Rider dahil sa di nito pagtulong sa nakaraan sa mga biktima ng aksidenteng kinasangkutan ng kumpanya.

Samantala, patuloy ang pagsasakatuparan ng BHB ng rebolusyonaryong katarungan laban sa mga may mabibigat na kasalanan sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Pinarusahan noong Abril 3 si SPO4 Brandon Garcia, deputy police chief ng Majayjay, Laguna limang araw makaraang parusahan din si SPO2 Ernesto Garcia, isa ring pulis sa naturang bayan. Noong Marso 31, si PO3 Ernesto Barrete, kagawad ng PNP provincial office ay ginawaran ng parusa sa Compostela Valley. Pinarusahan naman noong Marso 30 si Nicodemus Magallano, dating elemento ng CAFGU, sa Barangay Trinidad, Guihulngan, Negros Oriental. Bago ito, ginawaran ng parusa noong Marso 29 si Emmanuel Quizon, isang notoryus na elemento ng Civilian Armed Auxiliary Company sa ilalim ng 42nd IB, sa Pasacao, Quezon.

Pagpaslang sa upisyal ng Karapatan, kinundena

Kinundena ng Alliance for the Advancement of People's Rights (Karapatan) at ng Reporters Without Borders, isang pandaigdigang

Pasada sa balita

organisasyon na nagtataguyod ng karapatan sa pamamahayag, ang pagpatay ng mga tropa ng 12th Special Forces kay Benjaline Hernandez, 22, at sa tatlo pa niyang kasamahan. Si Hernandez ay pangalawang pangkalahatang kalihim ng Karapatan sa Timog Mindanao at dating manunulat para sa Ateneo de Davao University. Siya at ang mga kasamahan niyang sina Crisanto Amora, Vivian Andrade at Labaon Sinunday ay mga sibilyang pinatay ng mga sundalo sa Sityo Bukatol, Barangay Kinawayan, Arakan, North Cotabato nitong Abril 5. Hinuli muna ng mga sundalo ang apat bago malapitang binaril.

DHUD, tinutulan ng mga empleyado ng NHA

Mahigit 3,000 empleyado ng National Housing Authority mula sa Metro Manila, Bacolod, Cebu, Cagayan de Oro, Baguio, Davao at Tacloban ang nagprotesta noong Marso 21 laban sa pagbubuo ng "super-agency" na Department of Housing and Urban Development (DHUD). Anang mga manggagawa, hindi nito malulutas ang suliranin ng may 25.2 milyong Pilipinong walang tirahan. Bagkus, magiging palabigasan na naman ito ng mga mangungurakot sa gubyerno.

Pagpapasara sa Bombo Radyo sa Isabela, kinundena

Kinundena ng mga progresibong pwersa, taong simbahan at iba pang sektor ang pwersahang pagpapasara ni Mayor Ceasar Dy ng Cauayan, Isabela sa Bombo Radyo-Cauayan. Ang Bombo Radyo ay kilala sa paglalantad ng mga anomalya at karahasang kinasasangkutan ng pamilya Dy. Ginamit ni Dy ang mga armadong kalalakihan upang pasukin at putulin ang mga kuneksyon ng Bombo Radyo Cauayan noong Pebrero 12. Inakusahan ni Dy na walang lisensyang mag-opereyt ang Bombo Radyo sa kabila ng 33 taon na nitong pamamahayag sa himpapawid.



Kudeta sa Venezuela, bigo

Nabigo ang kudeta sa Venezuela na pansamantalang nagpatalsik sa presidente nitong si Hugo Chavez nitong Abril 12 pagkatapos ng tatlong araw na welgang suportado ng malaking negosyo na nauwi sa madudugong rayot. Nagtayo ang mga putsista ng *civilian-military junta* bilang pansamantalang gubyerno. Nakabalik sa pwesto si Chavez matapos ang mga demonstrasyong sumiklab kontra sa kudeta noong Abril 13.

Ang bigong kudeta ay iniudyok ng US upang patalsikin si Chavez matapos siya tumangging ibenta sa Chevron, isang dambuhalang kumpanyang US, ang PVDSA, pinakamalaking kumpanya ng langis sa Venezuela na hawak ng gubyerno. Labag din sa kagustuhan ng US, patuloy na nakikipag-ugnayan si Chavez kay Fidel Castro at nagsusuplay ng murang langis sa Cuba. Nakikipag-ugnayan din si Chavez kay Moammar Qaddafi ng Libya, Saddam Hussein ng Iraq at sa FARC, ang rebolusyonaryong grupo sa Colombia. Ang Venezuela ang ikatlong pinakamalaking suplayer ng langis sa US.

Malawakang welga inilunsad sa Italy

Umabot sa 13 milyong manggagawa o mahigit kalahati ng pwersa sa paggawa ng Italy ang naglunsad ng malawakang welga nitong Abril 16. Tinuligsa ng mga manggagawa ang balak ng gubyernong Berlusconi na baguhin ang batas sa paggawa upang gawing mas madali ang pagsisisante sa mga manggagawa.

Ang walong oras na welga na inorganisa ng tatlong pinakamalalaking unyon sa Italy ay sumaklaw sa 75-90% ng mga pabrika at kalakhan ng mga tindahan, paliparan, transportasyon, eskwelahan, midya at iba pa. Dalawang milyong mamamayan din ang naglunsad ng mga martsa at rali sa iba't ibang lugar sa Italy. Bago ito, dalawang milyong manggagawa ang nagrali sa Rome noong Marso 23.